

APLIKASYON PARA SA MEDIKAL NA PAGIGING KARAPAT-DAPAT DISCOUNT ID CARD NG REGIONAL TRANSIT CONNECTION (RTC)



PARA SA MGA APLIKANTE:

Upang maging kwalipikado sa Medikal na Pagiging Karapat-dapat: Kumpletuhin ang Seksyon 1 ng form para sa Sertipikasyong Medikal. Dapat ninyong lagdaan ang aplikasyon sa dalawang lugar upang: 1) bigyang-karapatan ang inyong doktor na maglabas ng impormasyon, at 2) ipahiwatig ang inyong pagtanggap sa mga tadhana ng Programa ng RTC. Kung ang inyong aplikasyon ay walang lagda sa dalawang naturang lugar, hindi ito mapoproseso at ibabalik ito sa inyo.

Dalhin ang form na ito sa inyong “Nagpapatunay na Propesyonal.” Ang Nagpapatunay na Propesyonal ay dapat magkumpleto ng aplikasyon gamit ang asul na tinta at may orihinal na lagda.

Dalhin ang form na ito sa inyong ahensya ng transit na nakalista sa huling pahina, kung saan maaari ninyong ipasa ang form at doon na magpalitrato.

Kokontakin ng Medikal na Tagapagpatunay ang inyong tagapagpatunay upang kumpirmahin ang ibinigay na impormasyon. Kung ang wastong impormasyon sa pagkontak ay nawawala at hindi nila makontak ang tagapagpatunay, o hindi sumasagot ang tagapagpatunay, maaantala ang proseso.

PARA SA MGA MEDIKAL NA TAGAPAGPATUNAY:

Kung kailangan ninyo ang aplikasyong ito sa English, o dagdag pang impormasyon, mangyaring bumisita sa <https://511.org/transit/rtc-card>

Ang layunin ng Programa ng Discount ID Card ng RTC ay tiyakin na ang mga karapat-dapat na indibidwal lamang ang tumatanggap ng mga diskuwento sa pamasaha ayon sa ipinag-uutos ng batas ng estado at pederal. Ang pagiging karapat-dapat ng isang indibidwal ay batay sa kanyang kawalan ng kakayahan na gumamit ng transit na pirmihan ang ruta (hal., regular na madaling ma-akses na mga bus, light rail, commuter rail o BART) na walang mga espesyal na pasilidad, pagpaplano o disenyo. [49 US § 1608 (c)(4), Seksyon 99206.5, CA PUC]. Hinihiling namin ang inyong tulong upang matiyak na ang mga tatanggap ay tumutugon sa mga pamantayan para sa pagiging karapat-dapat. Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring kontakin ang Tanggapan ng Programa ng Discount ID Card sa 510/208-0200.

Tanging sa mga kategoriya na may kaugnayan sa larangan ng inyong trabaho kung saan kayo ay lisensiyado sa Estado ng California na sumuri ang maaari ninyong sertipikahan ng pagiging karapat-dapat:

- Mga lisensiyadong doktor na may degree na M.D. o D.O., ang mga katulong ng lisensiyadong doktor at mga nars ay maaaring magsertipika sa lahat ng kategoriya kung saan lisensiyado sila na suriin;
- Mga lisensiyadong chiropractor, kategoriya 1, 2, 3 at 4;
- Mga lisensiyadong podiatrist, mga kapansanan sa paa sa ilalim ng kategoriya 1, 2, 3 at 4;
- Mga lisensiyadong optometrist (OPT), kategoriya 9;
- Mga lisensiyadong audiologist (AU), kategoriya 10;
- Mga lisensiyadong clinical psychologist (PSY) at mga lisensiyadong pang-edukasyon na psychologist (LEP), kategoriya 12, 15, 16 at 17;
- Mga lisensiyadong tagapayo sa mag-asawa at sa pamilya (MFCC), mga lisensiyadong tagapayong klinikal (LPCC), at mga lisensiyadong social worker (LCSW), kategoriya 17.

Ang mga impormasyon kaugnay ng inyong adres at lisensiyang medikal (na iniaatas sa bawat form) ay papatunayan ng Lupon ng Lisensiyang Medikal ng estado. Ang mga lisensiya ng California lamang ang tatanggapin.

Mangyaring ibigay ang mga numero ng telepono at fax. Isang analista ng pagpoproseso ang makikipag-ugnayan sa inyo para kumpirmahin ang impormasyon upang matiyak na ang inyong lagda ay hindi huwad.

Ang paglalarawan ng mga seksyon ukol sa pagiging karapat-dapat ay makikita sa kabaligtaran ng pahinang ito. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa polyeto tungkol sa programa.

Salamat sa inyong tulong sa pagpapanatili ng integridad ng Programa ng Discount Card ng RTC.

MGA PANGKALAHATANG PAGLALARAWAN NG MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Mga Seksyon ukol sa Pagiging Karapat-dapat: Tanging mga indibidwal na nakatugon sa mga pakakahulugang nasa ibaba ang karapat-dapat. Kapag nagkumpleto ng form, mangyaring ilagay ang isang Section Code na naaayon sa mga paglalarawan. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng Programa para sa karagdagang impormasyon.

Seksyon 1 – Mga Kapansanang Non-Ambulatory: Mga kahinaan, maging anupaman ang sanhi, ay kakailanganin ng mga indibidwal na gumamit ng wheelchair upang makagalaw.

Seksyon 2 – Mga Pantulong sa Paggalaw: Mga kahinaan na dahilan upang ang mga indibidwal ay maglakad nang may matinding kahirapan kabilang ang mangailangan ng paggamit ng suhay sa binti, tungkod, panlakad o mga saklay.

Seksyon 3 – Kahinaang Musculo-Skeletal (Kabilang ang Arthritis): Kahinaang musculo-skeletal tulad ng muscular dystrophy, osteogenesis imperfecta o arthritis na Functional Class III o nasa anatomical Stage III. Ang indibidwal ay may matinding kahinaan sa paggalaw.

Seksyon 4 – Pagputol (Amputation): Mga tao na naputulan, o may anatomical na deporma ng (a) Parehong mga kamay; o (b) isang kamay at isang paa; o (c) naputulan sa bandang ibabang bahagi ng katawan o sa itaas ng tarsal region (isa o parehong binti).

Seksyon 5 – Aksidenteng Cerebrovascular (Istrok): Na may isa sa mga sumusunod: (a) pseudobulbar palsy; o (b) kapos sa functional motor; o (c) ataxia na nakaka-apekto sa dalawang paa't kamay na napatunayan sa pamamagitan ng angkop na mga palatandaang cerebellar o proprioceptive loss pagkatapos ng 4 na buwan.

Seksyon 6 – Mga Sakit sa Pulmonary: Mga kahinaan sa paghinga na nasa Class 3 (FVC sa pagitan ng 51 at 59% ng tantiya, o FEV sa pagitan ng 41 at 59% ng tantiya); o Class 4 (ang FVC ay mas mababa o katumbas ng 50% ng tantiya, o ang FEV ay mas mababa o katumbas ng 40% ng tantiya).

Seksyon 7 – Mga Sakit sa Puso: Mga kahinaan sa Cardiovascular na nasa functional Class III, at nasa functional Class IV. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang detalye.

Seksyon 8 – Dialysis: Mga indibidwal na ang kapansanan ay nangangailangan ng paggamit ng makina para sa dialysis ng bato.

Seksyon 9 – Mga Kapansanan sa Paningin: Iyong mga indibidwal na ang paningin ng mas malinaw na mata (pagkatapos na maiwasto) ay 20/200 o mas mababa; o iyong mga indibidwal na ang lawak ng nakikita ng paningin ay paliit (tunnel vision) sa 10° o mas mababa mula sa punto ng fixation o ang pinakamalawak na dayametro ay umaarko ng isang anggulo na hindi na hihigit pa sa 20° at mga indibidwal na walang kakayahang magbasa ng mga palatandaan o simbolo ng impormasyon maliban sa mga dahilan na kaugnay sa wika.

Seksyon 10 – Mga Kapansanan sa Pandinig: Pagkabingi o kawalan ng kakayahang makarinig kung saan ang isang tao ay nawalan ng kakayahang makipag-komunikasyon o makarinig ng mga babalang palantandaan kabilang iyong mga tao na ang kawalan ng pandinig ay 70 dba o higit pa sa 500, 1000, 2000 Hz.

Seksyon 11 – Mga Kapansanang kaugnay ng Kawalan ng Koordinasyon: Ang mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng koordinasyon o palsy dahil sa pinsala sa spinal o peripheral na ugat, kapos sa functional motor sa dalawang paa/kamay o mga pagpapakita na makabuluhang nakakabawas sa pagkilos, koordinasyon o matalas na pagtugon.

Seksyon 12 – Kapansanang Intelektuwal (Intellectual Disability): Ang Kapansanang Intelektuwal ay isang sakit kung saan tampok ang sabay na kakulangan sa intelektuwal at pag-aangkop na pagganap na taliwas na nakaka-apekto sa isa o mas marami pang aspeto ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng komunikasyon, pakikisalamuha sa lipunan, sa larangan ng akadematika at independiyenteng pamumuhay. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang impormasyon.

Seksyon 13 – Cerebral Palsy: Isang kondisyong neurological na lumalabas pagkasilang o sa maagang pagkabata at permanenteng nakaka-apekto sa paggalaw ng katawan, sa koordinasyon ng mga kalamnan, at balanse, at pangunahing nagiging sanhi ng kahinaang pisikal kung saan nagkakaroon ng limitasyon o kawalan ng pagganap o paggalaw. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang detalye.

Seksyon 14 – Epilepsy (Sakit na may Kumbulsyon): Isang klinikal na sakit kung saan may panghihina ng ulirat, na nakikitaan ng mga kumbulsyon (hal., generalized, complex partial, major motor, grand mal, petit mal o psychomotor), na nangyayari nang mas madalas pa kaysa sa isang beses sa isang buwan kahit pa may resetang panggamot. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang detalye.

Seksyon 15 – Autism Spectrum Disorder: Mga kakulangan sa kakayahan sa komunikasyon (pasalita o hindi pasalita) at sa mga kasanayan sa pakikisalamuha sa lipunan, na may kaakibat na limitado, paulit-ulit na balangkas ng kilos, interes o mga aktibidad, na makabuluhang nakaka-apekto sa kalidad ng pagganap sa mga larangang panlipunan, pang-edukasyon, pang-trabaho, at/o pag-angkop. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang detalye.

Seksyon 16 – Kahinaang Neurological: Mga sakit ng isang indibidwal na ang IQ ay hindi mas mababa sa dalawang pamantayang paglihis na mababa sa normal. Kabilang sa seksyon na ito ang mga tao na may malubhang problema sa paglakad na may limitasyon sa paggalaw. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang detalye.

Seksyon 17 – Mga Sakit Pangkaisipan: Ang pagsusuri na DSM-5 sa isa sa mga sumusunod ay kailangan upang maging karapat-dapat: Schizophrenia Spectrum at Iba pang mga Psychotic Disorder, mga Bipolar at mga Kaugnay na Sakit, mga Sakit na Kaugnay ng Depresyon, mga Sakit na may kaugnayan sa Trauma at Stress, mga Dissociative Disorder, mga Somatic Symptom at mga Kaugnay na Sakit, at mga Sakit na Neurocognitive. Ang pagsusuri ay dapat nasa Class 3 hanggang 5 na lebel at ang katamtamang kahinaan ay ang pinakamababang lebel ng kalubhaan na kailangan upang maging kwalipikado. Hindi lahat ng pagsusuri na nakapaloob sa mga kategoriyang ito ay magiging kwalipikado para sa pagiging karapat-dapat. Hal., ang mga sakit na nasa remisyon at mga “Hindi Natukoy” na mga pagsusuri ay partikular na hindi kasali sa pagiging karapat-dapat. Dagdag pa rito, ang mga aplikante na may Substance-Related o Addictive Disorder bilang isang pangunahing kapansanan **ay hindi magiging** kwalipikado para sa programang ito.

Seksyon 18 – Mga Chronic Progressive Debilitating Disorder: Ang mga indibidwal na nakaranas ng talamak at nakakapanghinang mga sakit na mailalarawan sa pamamagitan ng mga konstitusyunal na sintomas tulad ng pagkapagal, panghihina, pagbaba ng timbang, pananakit at mga pagbabago sa kalagayang pangkaisipan, kung pagsasama-samahin, ay nakakasagabal sa mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay at makabuluhang nagpapahina sa paggalaw. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang detalye.

Seksyon 19 – Maramihang Kahinaan: Maaaring kabilang sa kategoriyang ito, ngunit hindi limitado, sa mga tao na nagkaroon ng kapansanan dahil sa pinagsama-samang epekto ng higit pa sa isang kahinaan. Ang mga mismong indibidwal na kahinaan ay maaaring hindi naman sapat ang kalubhaan upang magkuwalipika bilang isang Transit Dysfunction; gayunpaman, ang pinagsama-samang epekto ng mga kapansanan ay maaaring magkuwalipika sa indibidwal sa naturang programa.

FORM NG SERTIPIKASYONG MEDIKAL

ber. 1-2020 / r 8-21

Seksyon 1. IMPORMASYON TUNGKOL SAAPLIKANTE (Mangyaring isulat nang malinaw)

Pangalan _____ Petsa ng Kapanganakan - -

Adres sa Koreo _____ Apt. _____

Lungsod _____ Estado _____ Zip _____

Telepono sa Araw _____

M F Non-Binary Email address _____

Nais na Paraan ng Komunikasyon: Koreo ng Estados Unidos Braille (ipadadala sa koreo) Email

Seksyon 2. PAGLALABAS NG IMPORMASYON

Binibigyan kong pahintulot ang medikal o iba pang kwalipikadong propesyonal na nagpapatunay ng aplikasyong ito na ilabas ang impormasyong hinihingi ng mga tauhan ng RTC upang magamit para sa pagpapasiya ng aking pagiging karapat-dapat para sa programang ito, nang hanggang sa 90 araw mula sa petsang nasa ibaba maliban na lamang kung ipawalang-saysay ko ang permisong ito nang mas maaga.

Lagda ng Aplikante (**KAILANGAN**) _____ Petsa _____

Seksyon 3. LAGDA SA APLIKASYON (Iniaatas ang Lagda sa Seksyon 2 at Seksyon 3)

Pinatotohanan ko na ang impormasyong ibinigay ko sa aplikasyong ito ay totoo at wasto. Sa pamamagitan nito ay ipinapasa ko ang aplikasyon para sa isang Discount Card ng RTC at naiintindihan ko na ang pandaraya o ang pagbibigay ng maling pahayag ng katotohanan ay magpapawala ng karapatan sa akin na tumanggap ng mga benepisyong Programa ng Discount Card ng RTC. Sumasang-ayon din ako na magbibigay ng karagdagang impormasyon na maaaring hilingin bilang bahagi ng prosesong ito.

Lagda ng Aplikante (**KAILANGAN**) _____ Petsa _____

Seksyon 4. PARA SA GAMIT NG MEDIKAL NA PROPESYONAL/TAGAPAGPATUNAY LAMANG

MEDIKAL NA TAGAPAGPATUNAY: Mangyaring kumpletuhin gamit ang **orihinal na asul na tinta**.

Eligibility Sect. # _____ **Kung Seksyon 17 lamang**, mangyaring ibigay ang iniaatas na DSM code: _____

Permanente ba ang kapansanang ito? Oo Hindi, _____ buwan ang itinagal nito.

Nangangailangan ba ang aplikante ng tagapag-alaga kapag bumibiyahe gamit ang pampublikong transit?
 Oo Hindi Kung OO, mangyaring maglagay din dito ng inisyal: _____

Pangalan ng Propesyonal/ Tagapagpatunay _____ Larangan ng Pagsasanay _____

Adres _____ Calif. State Lic.# _____

Lungsod _____ Estado _____ Zip _____

Telepono _____ Fax _____

Pinatutunayan ko na nabasa ko na ang mga pangangailangan upang maging karapat-dapat para sa RTC Discount Card Program na nasa harapan ng form na ito, at sa aking propesyonal na pagpapasiya, ang aplikante na pinangalanan sa itaas ay karapat-dapat na tumanggap ng diskwento sa mga pamasaha sa transit dahil sa isang kapansanan na naglilimita sa kanyang kakayahan na gumamit ng mga pirmihang ruta ng transit. Tandaan: Anumang pagpalsipika ng isang kondisyon o anumang bahagi ng isang kondisyon ay maaaring iulat sa Federal Transportation Administration para sa pag-uusig hangga't pinapahintulutan ng batas.

Lagda ng Tagapagpatunay _____ Petsa _____

Office Use Only/Para sa Gamit ng Opisina Lamang

Intake Date/ Petsa ng Simula	RTC ID #/ Numero ng RTC ID	Transit Agency/ Ahensya ng Transit	Other Info/ Iba pang Impormasyon



Dalhin ang form na ito nang personal kasama ang isang balidong ID na may litrato at ang bayad para sa aplikasyon sa lokasyon ng ahensya ng transit ng Bay Area na tumatanggap nito.

MANGYARING TUMAWAG SA INYONG AHENSYA NG TRANSIT UPANG ALAMIN ANG KANILANG ORAS NG OPERASYON AT UPANG MALAMAN KUNG ANONG URI NG BAYAD ANG TINATANGGAP NILA.

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring sumangguni sa website ng RTC sa <https://511.org/transit/rtc-card/locations>.

AC Transit
1600 Franklin Street, Oakland
(510) 891-4777 TDD 711 (CRS)

BART
Lake Merritt BART Station, Oakland
(510) 464-7136 TDD (510) 839-2218

Golden Gate Transit
850 Tamalpais Avenue, San Rafael
(415) 455-2000 or 511 / 711

Tri-Delta Transit
801 Wilbur Avenue, Antioch
(925) 754-6622 TTY (925) 754-3695

SFMTA (Muni)
11 S. Van Ness Ave, San Francisco
(415) 646-2224 TDD (415) 701-4730

SamTrans
1250 San Carlos Avenue, San Carlos
(650) 508-6455 TDD (650) 508-6448

Sonoma-Marín Area Rail Transit (SMART)
5401 Old Redwood Hwy., Suite 200, Petaluma
(707) 285-8182

Santa Rosa City Bus
Transit Mall (B Street at 2nd),
Santa Rosa
(707) 543-3333

County Connection (CCCTA)
2477 Arnold Industrial Way, Concord
(925) 676-1976 ext 2066/2067
TDD (800) 735-2929
VOICE (800) 735-2922
Soltrans (Vallejo Transit)
311 Sacramento Street, Vallejo
(707) 648-4666 TDD 707/649-5421

Valley Transportation Authority
55-A West Santa Clara Street,
San Jose -o-
3331 N. 1st Street, Bldg. B, San Jose
(408)321-2300 TDD (408) 321-2330
Wheels (LAVTA)
1362 Rutan Ct. #100, Livermore
(925) 455-7555

Solano Mobility Call Center
1 Harbor Center, Suisun City
(800) 535-6883

Petaluma Transit
555 N. McDowell Blvd, Petaluma
(707) 778-4460

Ang mga impormasyong ito ay batay sa maaaring pagbabago.